

Iparehistro ang inyong anak sa kindergarten. Ang pagpaparehistro ay magsisimula sa Lunes, Enero 9, 2017 para sa mga paaralan na may tradisyonal na kalendaryo at Martes, Enero 10, 2017 para sa mga paaralan na may modified na kalendaryo. Puntahan po ang [www.cbe.ab.ca](http://www.cbe.ab.ca) para sa listahan ng mga paaralan na may modified na kalendaryo.

Sa Calgary Board of Education, naiintindihan po namin na dala ng mga bata ang taglay nilang likas na talino sa kanilang pag-aaral. Alam ng aming mga guro kung paano tulungan ang mga bata na maabot ang kanilang buong potensyal.

## **Pagpapalista sa Kindergarten**

Para magpalista, ang mga bata ay kailangan limang taon na sa Marso 1 ng kasalukuyang taon. Ang mga bata ay hindi kinakailangang pumasok sa kindergarten, subalit sila ay kailangang mag-umpisa nang pumasok sa eskuwela kung sila ay anim na taong gulang na sa Setyembre 1 ng kasalukuyang taon.

## **Transportasyon**

Maaari pong sumakay sa iskul bus ang mga bata kung sila ay pumapasok sa itinalagang paaralan para sa kanilang komunidad at nakatira sa ipinagtibay na lugar para sa transportasyon. Tawagan ang inyong paaralan para sa karagdagang impormasyon.

## **Tungkol sa Kindergarten**

Ang kindergarten ay isang lugar para sa mga bata na:

- siyasatin at subukin ang kanilang kapaligiran
- matutong makipag-ugnayan sa ibang tao
- matutong makipag-usap ng maayos
- hubugin ang kakayahan sa paggawa ng desisyon
- pagbutihin ang kanilang kaalaman at kakayahan sa language arts, science, mathematics, social studies at fine arts

## **Mga pagpipiliang programa**

Bilang karagdagan sa mga paaralan sa komunidad, marami din kaming mga pagpipiliang programa para sa aming mga mag-aaral. Pumunta po sa inyong paaralan sa komunidad para malaman ang mga maaari ninyong pagpilian.

## **Paglahok ng Magulang**

May maraming mga paraan para ang mga magulang ay lumahok sa pag-aaral ng kanilang mga anak.

- Kausapin ang inyong mga anak araw-araw tungkol sa kanilang ginawa sa klase
- Maging positibo tungkol sa kanilang karanasan sa paaralan
- Magboluntaryo sa paaralan
- Dumalo sa mga pagpupulong ng konseho ng paaralan (school council)

## **Mga Serbisyo ng Interpreter**

Kung kailangan ninyo ng serbisyo ng isang interpreter para ipalista ang inyong anak sa kindergarten, pumunta sa paaralan ng inyong anak at ikukuha po kayo ng interpreter sa inyong lengguwahe.